Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA–91 PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG HULYO 8, 2024 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN NG BARANGAY LABAYO, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, Pang. Punumbayan/ Nangulong Pinuno

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member/SKF President;
(*Nasa Opisyal na Lakad*)

## KAPASIYAHAN BLG. 470 - 2024

**KAPASIYAHAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA NG PAGPAPAABOT NG TAUS-PUSONG PAGBATI SA IKA-ISANDAAN AT DALAWAMPU'T DALAWANG (122) TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG IGLESIA FILIPINA INDEPENDIENTE SA PAMAMAGITAN NG KASALUKUYAN AT PINAKA-KAGALANG-GALANG NA OBISPO JOEL O. PORLARES, OBISPO MAXIMO XIV NA IPAGDIRIWANG NGAYONG IKA-03 NG AGOSTO 2024.**

**May Akda:** KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member;
*Chairman, Committee on Ordinances and Legal Matters*

**Co-Sponsors:**

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member;
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC President

**SAPAGKAT,** ang pagkakatatag ng ***Iglesia Filipina Independiente***. Isang Simbahang Malaya, ay isa sa mga pagpapatunay ng kabayanihan at katapangan ng ating mga ninuno sa pag-aklas nila laban sa mga mapang-aliping prayleng kastila;

**SAPAGKAT,** ayon kay TEODORO M. KALAW, dating kalihim ng Kagawaran ng Pamahalaang Lokal, mambabatas at historyador na ang

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHE TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan



OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE 7-26-24 TIME 9:04

Simbahang ***Iglesia Filipina Independiente*** ang siyang nag-iisang institusyon sa kasalukuyan na bunga ng pagkakasakit ng ating mga ninuno at ng *Philippine Revolution;*

**SAPAGKAT,** ang simbahang ***Iglesia Filipina Independiente*** ay bunga rin pagpapakasakit at hirap ng pakikibaka ng ating mga Pilipinong Pari na nagbuwis ng kanilang mga buhay upang mabuklod ang isang Malayang banal na pananalig sa ating Dakilang Lumikha;

**SAPAGKAT,** ang patuloy na pagyabong ng simbahan at ng mga kasapi nito ay isang moog na halimbawa ng isang matatag, nagkakaisa at kumikilos, gabay ng iisang layunin, ang magpalaganap at maisabuhay ang banal na salita ng Diyos;

**SAPAGKAT,** ito ay naitatag noong ika-3 ng Agosto 1902 matapos ang Digmaang Filipino-Amerikano upang maging Malaya at paghiwalay sa Simbahang Romano Katoliko at sa pangunguna ng isang Pilipinong Rebolusyonaryo na si G. Isabelo Delos Reyes at sinundan ng pagproklamasyon ng Obispo Supremo na si Reb. Gregorio Aglipay;

**SAPAGKAT,** ang mga aral at kontribusyong ibinahagi at patuloy na ibinabahagi ng Simbahang ***Iglesia Filipina Independiente*** sa kanyang mga kasapi at lipunang ginagalawan ay isang pagpapatunay ng kanyang solidong layunin na ikintal ang mga gawaing maka-Diyos at maka-Bayan;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Cavinti na sa pagtalima ng Kasarinlan ng Pilipinas at pagsisikap din ng mga makabayang ninuno ng mga taga-Cavinti ay naitatag din ang Simbahang ***Iglesia Filipina Independiente*** na magpahanggang ngayon ay isa ring simbolo ng Tradisyon at Kulturang Cavintiin;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang Malaya at masinsinang talakayan sa mungkahi ni **Kgg. ROMEL J. VILLANUEVA,** miyembro ng Sangguniang Bayan na pinangalawahan naman ng lahat ng bumubuo ng Sangguniang Bayan,;

**IPINASIYA**, gaya ng ginagawang PAGPAPASIYA sa ngayon ng KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI LALAWIGAN NG LAGUNA NG PAGPAPAABOT NG TAUS-PUSONG PAGBATI SA IKA-ISANDAAN AT DALAWAMPU'T DALAWANG (122) TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG NG **IGLESIA FILIPINA INDEPENDIENTE** SA PAMAMAGITAN NG KASALUKUYANG PINAKA- KAGALANG-GALANG NA OPISPO JOEL O. PORLARES, OBISPO MAXIMO XIV NA IPAGDIRIWANG NGAYONG IKA-03 NG AGOSTO 2024.

**IPINASIYA NA RIN** na ipaabot sa ating Simbahang Parokya ng El Salvador Del Mundo Iglesia Filipina Independiente at Kura Paroko REB. DONATO B. ALMARIEGO at mga taga-sampalataya sa Simbahan ang pagbati ng ika-122 Anibersaryo ng Simbahang Aglipayano Cavinti, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Kura Paroko Cavinti , Laguna, Simbahan ng IFI ng Sta. Cruz,

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Laguna at pinaka-punong Simbahan sa National Cathedral of the Holy Child, 1500 Abenida Taft, Ermita Maynila.

**PINAGTIBAY** .

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-91 Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 8 ng Hulyo 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sanggunian Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. MILBERT L. OLIVEROS**
**PANGALAWANG PUNUMBAYAN/**
**NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**